Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-17 NA REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 18 MAYO 2009, 11:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis - Tagapangulo
Konsehal Jocelyn G. Solabo
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Hernan C. Erorita
Konsehal Bernabe S. Mortel
Konsehal Edren Y. Faderon
Konsehal Napoleon M. Dimapilis
Konsehal Mary Jamaica Leigh Q. Sarmiento – MSKF President

Hindi Nakadalo:
Konsehal Agustin L. Cusi
Konsehal Cesar T. Baticos
Konsehal Larry V. Salazar - Pangulo, Liga ng mga Barangay

KAPASYAHAN BLG. 028
Taong 2009

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG NAGING PUNONG BARANGAY NG BARANGAY SAN VICENTE, KGG. VICENTE S. GARAO.

SAPAGKAT, ang pagpanaw sa daigdig ng isang naging kasama sa gawain sa paglilingkod sa bayan ay isang pangyayaring ikinalulungkot at dinaramdam ng mga naiwang kasamahan at kaibigan;

SAPAGKAT, si G. Vicente S. Garao ay naglingkod bilang Punong Barangay ng Barangay San Vicente ng bayang ito at sa panahong ito siya ay nagpamalas ng dedikasyon sa paglilingkod para sa kabutihan ng mga mamamayan hanggang sa panahon ng kanyang pagreretiro;

SAPAGKAT, sa panahon ng kanyang panunungkulan ay nagpamalas siya ng kasipagan at pagtitiyaga sa pagtupad ng tungkulin at responsibilidad para sa kabutihan at kaayusan ng paglilingkod sa tao;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayang ito sampu ng mga namuuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas ay lubos na nakikiramay at nakikidalamhati sa pagyao ng isang kaibigan at naging kasama sa gawain.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Hernan C. Eroriu na sinang-ayunan ng lahat –

IPINASYA tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa pamilya ng yumaong dating Punong *Barangay Vicente S. Garao ng San Vicente, Roxas, Silangang Mindoro ang taospusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas,* Silangang Mindoro.

IPINASYA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang pamilya at mga kaanak ni Kgg. Vicente S. Garao lakip ang taospusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay ng lahat : 18 Mayo 2009

PINATUTUNAYANG WASTO:

FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:

VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

merz/051909